


7

# Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 7:  
Hilig Ayon sa Larangan at Tuon



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikapitong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 7: Hilig Ayon sa Larangan at Tuon  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Mga Manunulat:** Niño M. Llave  
**Editor:** Loida S. Pigon  
**Tagasuri:** Irnanie A. Enrico, Heide C. Layas, Leonila V. Orpilla, Cristy R. Temple, Elma C. Palen, Ronalyn B. Conales, Ma. Luz N. Darjuan  
**Tagaguhit:** Mark Carlo Ledesma, Leorick Miciano, Khristine S. Lacsamana  
**Tagalapat:** Khristine S. Lacsamana, Jefferson R. Repizo  
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas  
Suzzette T. Gannaban-Medina  
Susana M. Bautista  
Cynthia Eleanor G. Manalo  
Mariflor B. Musa  
Freddie Rey R. Ramirez  
Melbert S. Broqueza  
Danilo C. Padilla  
Annabelle M. Marmol  
Domingo L. Mendoza, JR.  
Elmer P. Concepcion  
Loida S. Pigon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – MIMAROPA Region**

Office Address: Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City  
Telephone Number: (02) 6314070  
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

**7**

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Unang Markahan – Modyul 7:  
Hilig Ayon sa Larangan at Tuon**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Aralin

# 1

# Hilig Ayon sa Larangan at Tuon



## *Alamin*


Napanood mo na ba ang pelikulang “*The Greatest Showman*”? Hindi ba at may kaugnayan ito sa hilig o interes ng isang tao? Hilig sa pag-awit, pagsayaw, pag-akting, at iba pa na kanilang ipinamalas sa itaas ng entablado at sa kahuli-hulihan ay nagbigay sa kanila ng lubos na kasiyahan.

Tulad ni Senador Manny Pacquiao, hilig na niya mula pa pagkabata ang pagboboksing at ito ang isa sa mga salik kung bakit siya lubos na matagumpay at maligaya sa kanyang buhay ngayon.

Ngayon, matutuklasan mo kung gaano kahalaga ang hilig o interes sa pagpili ng tatahaking kursong akademiko o bokasyonal, negosyo o hanap-buhay.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- a. Natutukoy ang kaugnayan ng pagpapaunlad ng mga hilig sa pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay.  
(EsP7PS-Ie-3.1)
- b. Nakasusuri ng mga sariling hilig ayon sa larangan at tuon ng mga ito.  
(EsP7PS-Ie-3.2)



## ***Subukin***

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Ano ang tawag sa preperensya sa mga particular na uri ng gawain at gumaganyak sa iyo na kumilos at gumawa?
  - A. Hilig
  - B. Kakayahan
  - C. Pangarap
  - D. Talento
2. Ang \_\_\_\_\_ ay tumutukoy sa preperensya ng uri ng pakikisangkot sa isang gawain.
  - A. hilig
  - B. kakayahan
  - C. Pangarap
  - D. tuon ng atensyon

**Para sa bilang 3-9.** Tukuyin ang larangan ng hilig ng sumusunod:

3. Pagbibisekleta.
  - A. Computational
  - B. Mechanical
  - C. Outdoor
  - D. Scientific
4. Pagkukumpuni ng sirang electric fan.
  - A. Computational
  - B. Mechanical
  - C. Outdoor
  - D. Scientific
5. Pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan.
  - A. Mechanical
  - B. Outdoor
  - C. Scientific
  - D. Social service
6. Magaling lumikha ng awit.
  - A. Artistic
  - B. Literary
  - C. Musical
  - D. Social service

7. Magaling lumikha ng tula.
- A. artistic
  - B. literary
  - C. musical
  - D. persuasive
8. Magaling magdisenyo ng *cake*.
- A. artistic
  - B. literary
  - C. musical
  - D. persuasive
9. Mula pa pagkabata, hilig na ni Sarah Geronimo ang pag-awit kung kaya naman, isa siya sa pinakasikat na babaeng *singer* sa Pilipinas. Ano ang larangang hilig at tuon ng atensyon mayroon siya?
- A. Outdoor: bagay
  - B. Mechanical: datos
  - C. Literary: ideya
  - D. Musical: tao
10. Ano ang pangunahing maitutulong ng pagkakaroon ng bagay o gawain na kinahihiligan?
- A. Nakapagpapasaya sa sarili
  - B. Nakapagpapaunlad ng tiwala sa sarili
  - C. Nakapag-aangat ito ng katayuan sa buhay
  - D. Nakapagtuturo ito ng kakayahang kailangan para sa hinaharap.
11. Ang sumusunod ay paraan ng pagtuklas ng hilig, alin ang hindi?
- A. Suriin ang mga gawaing iniiwasang gawin.
  - B. Siyasatin ang mga gawaing nakapagpapasigla sa iyo.
  - C. Pagnilayan ang iyong mga libangan at paboritong gawain.
  - D. Suriin ang pamilya at ang kinahihiligang gawin kasama ang mga ito.
12. Ano ang kaugnayan ng hilig sa pagpili ng kursong pang-akademiko/ bokasyunal?
- A. Magtutulak ang pagkakaroon ng kahihiligan upang makamit ang labis na tagumpay sa hinaharap.
  - B. Makatutulong ang hilig upang makakuha ng trabahong makapagbibigay ng kasiyahan sa hinaharap.
  - C. Makatutulong ang hilig upang matiyak na maipakita ang galing sa pag-aaral upang maitaas ang antas ng pagkatuto.
  - D. Makatutulong ang hilig upang mapili ng angkop na kursong pang-akademiko o teknikal-bokasyonal.

13. *Nakapagbibigay ito ng damdamin ng pagpapahalaga at paggalang sa sarili o pagmamalaki.* Ang pangungusap ay:
- A. Tama, ito ang pinakamataas na makakamit sa pagtuklas ng hilig.
  - B. Tama, dahil kung hilig mo ang iyong ginagawa magagawa mo ito nang buong sigla at husay.
  - C. Mali, dahil makakamit lamang ito kung ginagawa ang hilig upang tulungan ang kapwa.
  - D. Mali, dahil mahalagang nakaayon ang hilig sa talento ay kakayahan ng tao upang makamit ang mga ito.
14. Bago pa naging pangulo ng Pilipinas si Pangulong Rodrigo Roa Duterte, siya ay may matagal at malawak nang karanasan sa pagiging lingkod-bayan ng Davao. Anong mga larangan ng hilig at tuon ng atensyon mayroon siya?
- A. Artistic, outdoor, persuasive: ideya, datos, tao
  - B. Clerical, persuasive, social services: datos, ideya, tao
  - C. Persuasive, clerical, mechanical: tao, datos, bagay
  - D. Social services, literary, clerical: tao, ideya, bagay
15. Ang sumusunod ay ang kinahihiligang gawin ng apat na magkakapatid. Ano-ano ang larangan na kanilang kinahihiligan?
- Si Josh ay mountain climber. Sa gawaing ito ramdam niyang kaisa niya ang kalikasan.
  - Si Jess ay laging nagkukutingting o nagkukumpuni ng kanyang motor.
  - Si Jenny ay palaging nasa komunidad at nagbibigay ng libreng sebisyo.
  - Si Jake ay palaging nakakulong sa kanyang silid at nagpipinta ng iba't ibang larawan.
- A. Persuasive, outdoor, clerical, mechanical
  - B. Scientific, computational, persuasive, artistic
  - C. Outdoor, mechanical, social service, artistic
  - D. Literary, musical, social service, clerical





## Balikan

### Gawain 1. Ito Gusto Ko!

**Panuto:** Isa-isahin ang mga bagay na iyong ginagawa sa iyong libreng oras. Isulat sa kwaderno o “*journal notebook*” ang iyong mga sagot.

Ano ang ginagawa mo sa iyong libreng oras?



Isulat ang limang gawain na gusto mong gawin sa iyong libreng oras. Maaaring ginagawa mo ito sa bahay, sa paaralan, sa simbahan, o sa pamayanan. Pagsunod-sunurin mo ito mula sa pinakagusto mo hanggang sa pinakahuling gusto. Lagyan ng bilang 1 hanggang 5.

Limang Gawaing Gustong Gawin sa Libreng Oras (Ayon sa naisip)	Rango	Gawaing Pinakagusto hanggang sa Pinakahuling Gusto
	1	
	2	
	3	
	4	
	5	

Sagutin ang mga tanong sa iyong kwaderno.

1. Ano ang natuklasan mo sa iyong talaan?
2. Bakit mahalaga ang pagtuklas at pagpapaunlad ng hilig?

#### Pamantayan sa Paggawa

Orihinalidad – 5 puntos

Nilalaman – 5 puntos (nakapagbigay ng 1-2 = 3 puntos at 3 o higit = 5 puntos)

Pagkamalikhain – 5 puntos

Kabuoan = 15 puntos



# Tuklasin

## Gawain 2. Word Maze

**Panuto:** Hanapin sa loob ng “*Figure A. Word Maze*” ang mga salitang may kaugnayan sa paksang “**Hilig**”. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno. Gayahin ang pormat (*Figure B. Answer Sheet*) sa ibaba.

*Figure A. Word Maze*

	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14
1	S	O	C	I	A	L	S	E	R	V	I	C	E	S
2	M	U	R	V	R	Y	C	S	J	K	D	O	L	L
3	U	T	B	W	T	R	I	T	A	O	E	M	P	I
4	S	D	C	V	I	G	E	H	D	Q	Y	P	S	T
5	I	O	S	S	S	H	N	T	A	W	A	U	D	E
6	C	O	W	B	T	N	T	J	T	R	Q	T	F	R
7	A	R	Q	Q	I	J	I	K	O	T	S	A	G	A
8	L	W	R	W	C	K	F	L	S	Y	X	T	H	R
9	Q	B	A	G	A	Y	I	M	B	N	V	I	J	Y
10	T	W	Y	D	D	W	C	Y	K	T	U	O	N	P
11	M	E	C	H	A	N	I	C	A	L	Q	N	Y	L
12	P	E	R	S	U	A	S	I	V	E	H	A	K	J
13	R	D	W	M	C	L	E	R	I	C	A	L	K	M

*Figure B. Answer Sheet Format*

Mga Salitang Pahalang			Mga Salitang Pababa		
1.	6.	11.	1.	6.	11.
2.	7.	12.	2.	7.	12.
3.	8.	13.	3.	8.	13.
4.	9.	14.	4.	9.	
5.	10.		5.	10.	



## ***Suriin***

Unawain at pagnilayan ang sumusunod na babasahin. Magkaroon ng masayang pag-aaral at ikintal sa isip at puso ang mga hatid na mensahe. Simulan na at kayang-kaya mo yan!

Nasisiyahan ka ba kapag ginagawa mo ang isang gawain? May dulot ba itong sigla sa iyo? Habang ginagawa mo ba ang isang gawain ay tila baga hindi ka nakakaramdam ng pagod? Kung oo ang sagot mo sa mga tanong na ito, ibig sabihin, hilig o interes mo ito at makatutulong ito sa iyong pag-unlad.

Ano ba ang ibig sabihin ng hilig o interes?

Ang mga hilig ay preperensya sa mga partikular na uri ng gawain at gumaganyak sa iyo na kumilos at gumawa dahil gusto mo ang iyong ginagawa, hilig mo ito, at magagabayan ka ng mga pagpapahalaga na makatutulong sa iyong pag-unlad. (Santamaria, 2006)

Kung gusto mong masiyahan, nagsisilbing gabay ang mga hilig sa pagpili ng mga gawain. Ang taong nasisiyahang gawin ang isang gawain ay nagsisikap na matapos ito at mayroong pagmamalaki sa gawaing maayos na ginawa. Ito ang nagbibigay sa kanya ng paggalang sa sarili.

Mahalagang malaman mo ang iyong mga hilig dahil palatandaan ang mga ito ng mga uri ng trabaho na magbibigay ng kasiyahan at kaganapan sa iyo bilang tao. Paano mo ba matutuklasan ang iyong mga hilig? Makatutulong sa iyo ang kasunod na mga hakbang:

1. *Pagnilayan ang iyong mga hilig na libangan (hobby) at paboritong gawain.*

Maaring sagutin ang tanong na: Ano-ano ang mga kinahihiligan kong gawain? Sa pamamagitan ng pagninilay, matutuklasan mong mula pa pala sa pagkabata na ang iyong kinahihiligang libangan ay naging bahagi na ng iyong buhay.

2. *Siyasatin ang mga gawaing nakapagpapasigla sa iyo.*

Maaaring sagutin ang tanong na: Ano-ano ba ang mga gawaing nakapagbibigay-sigla at buhay sa akin? Ito ay maaaring mga pang-araw-araw na ginagawa mo o ginagampanan mo sa tahanan, simbahan, paaralan, o pamayanan.

3. *Suriin ang mga gawaing iyong iniiwasang gawin.*

Maaaring itanong mo sa iyong sarili, Bakit kaya hindi ko gusto o kinahiligan ang gayong gawain? Sa pamamagitan nito'y malalaman natin ang kahalagahan ng bawat gawaing ating ginagawa.

May dalawang aspekto ng mga hilig: ang mga larangan ng mga hilig (*areas of interest*) at ang tuon ng atensiyon (Abiva, 1993).


Narito ang sampung *larangan ng hilig*:

1. *Outdoor*- Nasisiyahan sa mga gawaing panlabas (*outdoor*).  
*Halimbawa: Paglalaro ng basketball, hiking.*
2. *Mechanical* – Nasisiyahan sa paggamit ng mga kagamitan (*tools*).  
*Halimbawa: Pagkukumpuni ng sirang relo.*
3. *Computational* – Nasisiyahan na gumawa na gamit ang bilang o numero.  
*Halimbawa: Pagso-solve ng math problems.*
4. *Scientific* – Nasisiyahan sa pagtuklas ng bagong kaalaman, pagdidisenyo, at pag-imbento ng mga bagay o produkto.  
*Halimbawa: Paglikha ng bagong makina sa pananahi.*
5. *Persuasive* – Nakahihikayat at nasisiyahan sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao o pakikipagkaibigan.  
*Halimbawa: Pakikipag-usap sa ibang tao.*
6. *Artistic*- Nagiging malikhain at nasisiyahan sa pagdidisenyo ng mga bagay.  
*Halimbawa: Pagguhit ng magandang tanawin.*
7. *Literary*- Nasisiyahan at nagpapahalaga sa pagbabasa at pagsusulat.  
*Halimbawa: Pagsulat ng komposisyon.*
8. *Musical*- Nasisiyahan sa pakikinig at paglikha ng awit at pagtugtog ng instrumentong musical.  
*Halimbawa: Pagtugtog ng piyano.*
9. *Social service*- Nasisiyahang tumulong sa ibang tao.  
*Halimbawa: Pagtulong sa nangangailangan.*
10. *Clerical*- Nasisiyahan sa paggawa ng mga gawaing pang-opisina.  
*Halimbawa: Pag-eencode sa computer.*

Ang tuon ng atensiyon ay ang preperensiya ng uri ng pakikisangkot sa isang gawain. Ito ay maaring sa tao, datos, bagay, at ideya.

1. Tao - May kinalaman sa tao.
2. Datos - May kinalaman sa mga katotohanan, *records*, *files*, numero, detalye.
3. Bagay - Gamit ang mga kagamitan (*tools*) o makina (*machine*).
4. Ideya - Pag-iisip at pag-oorganisa ng mga ideya o kaisipan.

Mahalagang tandaan na ang bawat gawain ay palatandaan o indikasyon ng maraming hilig at may higit sa isang tuon. Halimbawa, ang paglalaro ng basketball ay indikasyon ng hilig sa outdoor o gawaing panlabas. Ito ay may apat na tuon ng atensyon: tao (pagtuturo sa kaibigan ng paglalaro), datos (pagsisikap na makapagtala ng magandang record), ideya (pag-iisip ng teknik o paraan upang laging makapagpapasok ng bola, at bagay (paggamit ng bola).



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 3. Matching Type**

**Panuto:** Hanapin sa hanay **B** ang mga gawain na tumutukoy sa iba't ibang larangan mula sa hanay **A**. Piliin ang letra ng wastong sagot. Isulat ito sa iyong kwaderno o “*journal notebook*”.

<b>Hanay A</b>	<b>Hanay B</b>
1. Social Services	A. Pag-aayos ng mga sirang bagay.
2. Mechanical	B. Paghahalaman.
3. Outdoor	C. Pagtulong sa nasalanta ng bagyo.
4. Artistic	D. Paggawa ng maayos na report.
5. Clerical	E. Pakikipag-ugnayan sa ibang tao.
6. Scientific	F. Paggawa ng mga bagay na pangsining.
7. Literary	G. Pag-imbento ng isang bagay.
8. Persuasive	H. Gawain na may kaugnayan sa numero.
9. Computational	I. Pagbabasa / pagsulat ng kwento o tula.
10. Musical	J. Pakikinig / paglikha ng awit.

**Gawain 4. Hilig Ko, Susuriin Ko!**

**Panuto:** Punan ang mga kahon ng sariling hilig, larangan, at tuon ng atensyon. I paliwanag kung bakit iyon ang larangan at tuon ng hilig. Sundin ang pormat sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno o *“journal notebook”*. Gayahin ang pormat.

<b>Hilig</b>	<b>Larangan</b>	<b>Tuon ng Atensyon</b>
1.		
Paliwanag		
2.		
Paliwanag		
3.		
Paliwanag		

**PAMANTAYAN SA PAGGAWA**

<b>Pamantayan</b>	<b>Puntos</b>	<b>Nakuhang Puntos</b>
Nilalaman (Content)	10	
Kaayusan/Kalinisan (Organization/Neatness)	10	
Ideya/Paliwanag	15	
<b>Kabuoan</b>	<b>35</b>	




## Isaisip

### Gawain 5. Pagpuno sa Patlang

**Panuto:** Punan ang patlang ng angkop na salita o mga salita upang mabuo ang diwa. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno o “*journal notebook*”.

Ang mga 1)\_\_\_ ay preperensya sa mga partikular na uri ng gawain na gumaganyak sa iyo na kumilos at gumawa samantalang ang 2)\_\_\_\_\_ ay ang preperensya ng uri ng pakikisangkot sa isang gawain. May sampung larangan ang hilig: 3 )\_\_\_\_\_, 4 )\_\_\_\_\_, 5 )\_\_\_\_\_, 6 )\_\_\_\_\_, 7 )\_\_\_\_\_, 8 )\_\_\_\_\_, 9 ) \_\_\_\_\_ 10 )\_\_\_\_\_ 11 )\_\_\_\_\_, at 12)\_\_\_\_\_. May apat (4) na tuon ng atensyon: 13 ) \_\_\_\_\_., 14 )\_\_\_\_\_, 15 )\_\_\_\_\_ at ideya.



## Isagawa

### Gawain 6. Paglikha ng Poster

**Panuto:** Gumuhit ng isang poster na may temang: “Ang Kaugnayan ng mga Hilig sa Pagpili ng Kurso at ang Pagpapaunlad Nito Tungo sa Magandang Kinabukasan Ko”. Gawin ito sa 1/8 *illustration board* o sa isang buong malinis na *coupon bond*.

#### Pamantayan sa Paggawa ng Poster

Pamantayan	Deskripsyon	Kaukulang Bahagdan	Nakuhang Bahagdan
Kaangkupan sa Tema (Relevance to the Theme)	Tumpak o may kaugnayan sa tema ang ginawang poster	20%	
Pagkamalikhain (Creativity)	Tamang paggamit ng simbolismo, kulay at iba pa na nakatulong ng lubos upang bigyang buhay ang obra o ginawa	30%	

<b>Pamantayan</b>	<b>Deskripsyon</b>	<b>Kaukulang Bahagdan</b>	<b>Nakuhang Bahagdan</b>
Pagkamanlilikha (Originality)	Orihinal ang ideya	10%	
Kalinisan (Neatness)	Malinis tingnan ang gawa, sa malayo o malapitan man	10%	
Hikayat sa Mata (Visual Impact)	Nakaaakit sa paningin	30%	
	<b>Kabuoan</b>	<b>100%</b>	



## **Tayahin**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang-papel.


**Para sa bilang 1-6.** Tukuyin ang larangan ng hilig ng sumusunod:

1. Pagbibisekleta.
  - A. Computational
  - B. Mechanical
  - C. Outdoor
  - D. Scientific
  
2. Pagkukumpuni ng sirang electric fan.
  - A. Computational
  - B. Mechanical
  - C. Outdoor
  - D. Scientific
  
3. Magaling lumikha ng awit.
  - A. Artistic
  - B. Literary
  - C. Musical
  - D. Social service
  
4. Magaling lumikha ng tula.
  - A. Artistic
  - B. Literary
  - C. Musical
  - D. Persuasive



5. Pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan.
  - A. Mechanical
  - B. Outdoor
  - C. Scientific
  - D. Social service
  
6. Magaling magdisenyo ng *cake*.
  - A. Artistic
  - B. Literary
  - C. Musical
  - D. Persuasive
  
7. Ito ay preperensya sa mga partikular na uri ng gawain at gumaganyak sa iyo na kumilos at gumawa.
  - A. Hilig
  - B. Kakayahan
  - C. Pangarap
  - D. Talento
  
8. Ito ay preperensya ng uri ng pakikisangkot sa isang gawain.
  - A. Hilig
  - B. Kakayahan
  - C. Pangarap
  - D. Tuon ng atensyon
  
9. Ano ang pangunahing maitutulong ng pagkakaroon ng bagay o gawain na kinahihiligan?
  - A. Nakapagpapasaya sa sarili.
  - B. Nakapagpapaunlad ng tiwala sa sarili.
  - C. Nakapag-aangat ito ng katayuan sa buhay.
  - D. Nakapagtuturo ito ng kakayahang kailangan para sa hinaharap.
  
10. Mula pa pagkabata, hilig na ni Sara Geronimo ang pag-awit kung kaya naman isa siya sa pinakasikat na babaeng *singer* sa Pilipinas. Ano ang larangan ng hilig at tuon ng atensyon mayroon siya?
  - A. Literary: ideya
  - B. Mechanical: datos
  - C. Musical: tao
  - D. Outdoor: bagay
  
11. Ang sumusunod ay paraan ng pagtuklas ng hilig *maliban* sa:
  - A. Suriin ang mga gawaing iniwasang gawin.
  - B. Siyasatin ang mga gawaing nakapagpapasigla sa iyo.
  - C. Pagnilayan ang iyong mga libangan at paboritong gawain.
  - D. Suriin ang pamilya at ang kinahihiligang gawin kasama ang mga ito.

12. Ano ang kaugnayan ng hilig sa pagpili ng kursong pang-akademiko/ bokasyunal?
- Magtutulak ang pagkakaroon ng kahihiligan upang makamit ang labis na tagumpay sa hinaharap.
  - Makatutulong ang hilig upang makakuha ng trabahong makapagbibigay ng kasiyahan sa hinaharap.
  - Makatutulong ang hilig upang matiyak na maipakita ang galing sa pag-aaral upang maitaas ang antas ng pagkatuto.
  - Makatutulong ang hilig upang mapili ng angkop na kursong pang-akademiko o teknikal-bokasyonal.
13. *Nakapagbibigay ito ng damdamin ng pagpapahalaga at paggalang sa sarili o pagmamalaki.* Ang pangungusap ay:
- Tama, ito ang pinakamataas na makakamit sa pagtuklas ng hilig.
  - Tama, dahil kung hilig mo ang iyong ginagawa magagawa mo ito ng buong sigla at husay.
  - Mali, dahil makakamit lamang ito kung ginagawa ang hilig upanang tulungan ang kapwa.
  - Mali, dahil mahalagang nakaayon ang hilig sa talento ay kakayahan ng tao upang makamit ang mga ito.
14. Ang sumusunod ay ang kinahihiligang gawin ng apat na magkakapatid. Ano-ano ang larangan na kanilang kinahihiligan?
- Si Josh ay mountain climber. Sa gawaing ito ramdam niyang kaisa niya ang kalikasan.
  - Si Jess ay laging nagkukutingting o nagkukumpuni ng kanyang motor.
  - Si Jenny ay palaging nasa komunidad at nagbibigay ng libreng sebisyo.
  - Si Jake ay palaging nakakulong sa kanyang silid at nagpipinta ng iba't ibang larawan.
- Persuasive, outdoor, clerical, mechanical
  - Scientific, computational, persuasive, artistic
  - Outdoor, mechanical, social service, artistic
  - Literary, musical, social service, clerical
15. Bago naging pangulo ng Pilipinas si Pangulong Rodrigo Roa Duterte, siya muna ay may matagal at malawak na karanasan sa pagiging lingkod-bayan ng Davao. Anong mga larangan ng hilig at tuon ng atensyon mayroon siya?
- Clerical, social services, persuasive: tao, ideya, datos
  - Social services, literary, clerical: tao, ideya, bagay
  - Persuasive, clerical, mechanical: bagay, tao, datos
  - Outdoor, persuasive, artistic: tao, ideya, datos



## Karagdagang Gawain

### Gawain 7. Ito ang Gusto Ko!

#### Panuto:

- Isulat sa gitna ng tala ang kurso na iyong nais mong kuhanin sa kolehiyo maging akademiko o teknikal-bokasyonal man ito.
- Ilagay ang iyong hilig na maaring makatulong sa pagtupad ng iyong kurso at kung paano ito makatutulong.
- Isulat ang iyong sagot sa kwaderno o sa "journal notebook".
- Maaring umisip ng iba pang disenyo na nais

#### A. Ang Aking Nais na Kurso




#### B. Hilig Ko na Makatutulong sa Pagtupad ng Nais kong Kurso

- \_\_\_\_\_
  - \_\_\_\_\_
  - \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_
  - \_\_\_\_\_
  - \_\_\_\_\_

#### Pamantayan sa Isahang Gawain

Pamantayan	Deskripsyon	Kaukulang Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman	Angkop ang nilalaman sa hinihingi.	10	
Ideya	Tama ang paliwanag.	20	
Presentasyon	Maayos at malinis ang pagkagawa.	10	
	<b>Kabuoan</b>	<b>40</b>	



## Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: center;"><b>Tayahin</b></p> <p>1. C 2. B 3. C 4. B 5. D 6. A 7. A 8. D 9. A 10. C 11. D 12. D 13. B 14. C 15. A</p>	<p style="text-align: center;"><b>Gawain 5: Pagpuno sa Patlang</b></p> <p>1. hilig 2. tuon ng atensyon 3-12. Outdoor Mechanical Computational Scientific Persuasive Artistic Literary Musical Social services Clerical</p> <p>13-15. tao datos bagay</p>	
<p style="text-align: center;"><b>Gawain 3: Matching</b></p> <p style="text-align: center;"><b>Type</b></p> <p>1. C 2. A 3. B 4. F 5. D 6. G 7. I 8. E 9. H 10. J</p>	<p style="text-align: center;"><b>Gawain 2: Word</b></p> <p style="text-align: center;"><b>Maze</b></p> <p style="text-align: center;"><b>Pahalang:</b></p> <p>1. Social Services 3. Tao 9. bagay 10. tuon 1. mechanical 12. persuasive 13. clerical</p> <p style="text-align: center;"><b>Pababa:</b></p> <p>1. musical 2. outdoor 5. artistic 7. scientific 9. datos 11. ideya 12. computational 13. literary</p>	<p style="text-align: center;"><b>Subukin</b></p> <p>1. A 2. D 3. C 4. A 5. D 6. C 7. B 8. A 9. D 10. A 11. D 12. D 13. B 14. B 15. C</p>

# ***Sanggunian***

*Edukasyon sa Pagpapakatao, Grade 7 Learners' Material (Units 1 & 2) pahina 72-81*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)